

1

“Michelle Anderson, pakibilisan naman po ang pagligo mo!” sabi ni Ruby na mababakas sa boses ang labis na pagkainip at lalo pa iyong nahalata nang katukin na nito ang pintuan ng banyo. “May iba pa pong maliligo bukod sa inyo!”

“Teka, Ruby. Ito na po,” ani Michelle matapos patayin ang shower. Mabilis niyang kinuha ang tuwalyang nakasabit sa likuran ng pintuan at itinapis sa sarili, pagkatapos ay lumabas na.

“Grabe, Mich, ambagal mo namang maligo!” bungad na reklamo ni Ruby sa kanya. “Alam mo namang magpapaganda pa’ko.”

Hindi na lamang umimik si Michelle. Kilala niya ang kaibigan. Kapag bad trip na, hindi ito magpapatalo. Kaya naman umusog na lamang siya upang paraanin ito.

Naghahanda sila para sa semester-opening party ng kanilang school, ang Colegio de San Juan de Letran-Bataan Campus.

Matapos tuyuin ang katawan, isinuot na niya ang nakahandang damit na nasa kama. Music genre ang theme ng party ngayong gabi at bawat department ay may naka-assign na genre. Pop ang sa Accountancy department, ang kurso niya.

She faced the mirror matapos siyang makapagbihis. She wore a denim jacket paired with a white tank top and a high-waist, floral skirt kaya napangiti tuloy siya. Isa kasi sa mga gustong-gusto niyang gawin ay ang magsuot ng magagandang damit, bagay na hindi niya magawa parati dahil na rin sa panghihinayang sa mga gastusin. Mag-isa na lang kasi ang mama

niya na kumakayod para sa kanilang dalawa kaya naman puro pagtitipid din ang nasa utak niya.

Sa totoo lang, maraming nag-akalang isa siyang foreign exchange student noon. Paano ba naman kasi'y blonde ang buhok niya at sterling grey naman ang kulay ng mga mata, lahat ay nakuha ni Michelle mula sa Canadian father. Marami ngang nagsasabi na may pagkakahawig daw sila ng country-pop singer na si Taylor Swift.

Napatingin sa banyo ang dalaga nang marinig na bumukas ang pintuan. Lumabas si Ruby na nakasuot ng roba habang sa ulo naman ay nakapalupot ang isang puting tuwalya.

"Mich, kahit anong titig ang gawin mo d'yan, hindi niyan sasabihin na ikaw ang pinakamagandang babae sa mundo," sabi nitong nakataas pa ang kilay.

Gan'un lagi ang sinasabi ni Ruby sa tuwing nakikita siya nitong nananalamín kaya naman hindi niya mapigilan ang sariling magreklamo.

"Tse! Iyan ka na naman!" Inirapan niya ito saka kinuha ang tuwalyang nakasampay sa monoblock na upuan at pinunasan ang buhok habang nakaharap pa rin sa salamin. "Parati mo na lang 'yan sinasabi na akala mo naman napakalaking kasalanan ang manalamín."

"Pag ikaw, oo. Naaalala ko kasi 'yung queen sa Snow White, 'yung nagsasabi ng, 'Mirror, mirror hanging on the wall... tell me who's the fairest of them all'," pambabara ni Ruby na naglalakad patungo sa kama nito.

Nakaawang ang labing sinundan ito ng tingin ni Michelle.

"Napaka mo talaga, Ruby! Bad trip ka, ah?" Humaba ang nguso niya. "Mukha ba 'kong mangkukulam? Sa ganda kong 'to?"

"Kay. Basta maganda rin ako." Her friend rolled her eyes at

tumahimik na.

Bagaman hindi halata dahil sa pinakitang pakikitungo sa isa't isa ngayon, they were close friends since their high school years. Sa totoo nga lang, hindi talaga inaakala ni Michelle na magiging ka-close niya si Ruby. She thought she was mataray and suplada. Lagi kasi niya itong nakikitang may kaharap na libro at mukha pang walang social life dahil loner.

Ang totoong ugali nito ay kabaligtaran pala ng iniisip niya. Ruby was only serious when it comes to academics. Napre-pressure ito sa mga magulang, palibhasa ang mga kapatid ay talagang mga achievers at nagkataon pang bunso ito. Ang dating tuloy ay parang black sheep ang kaibigan dahil hindi napapantayan ang mga kapatid. Nevertheless, she was a bubbly person, madaldal at palangiti rin naman.

Sa ngayon, Ruby was back to her serious nature and Michelle knew why—PMS. She just checked the calendar earlier at na-realize niyang malapit nang magkaroon ang kaibigan. Ang weird nga lang dahil kabisado niya ang cycle ni Ruby. Kung sabagay, may pagkamalilimutin din kasi ito kaya naman madalas ay siya pa ang naaabala sa pagkuha ng napkin sa tuwing biglang tatagusan ang kaibigan.

Muling napukaw ang atensyon ni Michelle nang tawagin siya ng babae. Sumenyas ito na i-blower niya ang buhok nito.

Hinayaan muna niyang makaupo si Ruby sa monoblock bago sinimulang asikasuhin ang buhok.

“Grabe, Mich, kinakabahan ako para sa performance namin mamaya,” saad nito matapos alisin ang tuwalya sa ulo. “Baka may magkamali.”

Required na magkaroon ng performance ang bawat department. Syempre, dapat related sa genre nila ang gagawin.

“Ano ba’ng performance n’yo, Ruby?” tanong niya habang

sinusuklay ang buhok nito.

“Kanta lang. Ballad kami, remember?” Nginusuan nito ang naka-hanger na kulay itim na dress na nakasabit sa grills ng bintana. Iyon ang isusuot ni Ruby para sa gabi.

Tumangu-tango si Michelle at ipinagpatuloy na lamang ang ginagawa.

Buti pa sila, mukhang easy lang. Kumusta naman 'yung sa 'min? Hay, jusko, 'day! Ngayon pa lang, nafe-feel ko nang papalpak performance namin.



“Nakakahiya!”

Napabuga na lamang ng hangin si Michelle saka nagbilang mula isa hanggang sampu para mapunta ang atensyon niya sa ibang bagay.

Narito sila ngayon ng mga kklase niyang nag-perform bilang representative ng department nila sa backstage ng auditorium, kung saan kasalukuyang dinaraos ang party.

Their group consists of twelve, kung saan walo ay babae. Those girls, with the exception of her, were wailing like pigs being slaughtered by a madman. Ang dahilan? Napahiya kasi sila sa performance kanina!

“Sana pala, hindi na lang *'I Got a Boy'* 'yung sinayaw natin. Nakakalito pala talaga 'yung step!” narinig niyang atungal ng isa niyang kklase. Ito ang nagsilbi nilang leader. “Di siguro tayo mapapahiya.”

Sino ba kasing nag-suggest na K-pop ang isayaw? Ano'ng nangyari, pare-pareho tayong napahiya, gusto sana niyang sabihin pero nagdesisyon na lang siyang huwag na lang dahil lalo lang lalala ang sitwasyon.

Kung puwede nga lang, pag-uuntug-untugin niya ang mga ito. Kung anu-ano kasing kabalbalan ang naiisip. Dapat daw ay

gayahin nila ang K-Pop group na *Girl's Generation* para malakas ang impact sa audience.

Mabuti sana kung nag-practice nang matino, eh, reklamo pa niya sa isip sabay irap.

Hindi naman talaga siya dapat kasama sa mga performer. Ang nangyari kasi'y, dahil walang nag-volunteer na sumali, sa draw lots napunta at sa kamalasan pa'y nabunot din siya. Tuloy ay napasama rin siya sa mga napahiya.

Tumayo siya nang tuwid saka hinarap ang mga kaklase. "Guys, tama na nga 'yan! H'wag n'yo nang isipin 'yun. Ang OA n'yo na masyado," saad niya saka tumalikod at lumabas ng backstage. Hindi na niya hinintay pa ang sagot ng mga ito. Ayaw kasi niyang marinig ang ka-plastic-an ng mga kaklase.

Nang makalabas siya sa backstage, humanap siya ng lugar na hindi matao. Hindi rin siya nag-abalang hanapin ang mga katropa dahil bad trip din siya sa nangyaring pagkapahiya. Gusto muna niyang mapag-isa. Saktong nakita niyang wala pang tao sa bar area dahil hindi pa nag-o-offer ng alcoholic beverages. Only juices, soft drinks and water pa lang ang naroon.

Umupo siya sa pinakamalapit na stool na nakita niya. She asked for a glass of *Sprite*. Mabilis naman siyang binigyan ng bartender. Halos makalahati niya iyon sa isang lagok lang. Pakiramdam kasi ni Michelle ay nag-evaporate ang fluids niya sa katawan sa sobrang pagkapahiya.

"Nakakainis talaga," bulong niya habang inoobserbahan ang maliliit na bula sa ibabaw ng iniinom niya. "Nakakahiya."

"May nakaupo na ba dito?"

Ibinaling niya ang tingin sa nagsalita, at halos lumuwa ang mga mata at malaglag ang panga niya nang makita ang mukha nito. *Shocks, ampogi!*

He was smiling at her at hindi nakaligtas sa kanya ang biloy

nito sa pisngi kahit may kadiliman ang pwesto niya. His smile actually reminded her of Taylor Lautner, one of her ultimate celebrity crushes. Oh, his eyes were almond-shaped, giving him a more Asian look and making him more goddamnly handsome, kasama niyon ang napakagandang complexion at rigid jaw line ng lalaki.

Napansin niyang kumaway-kaway ito sa kanya.

“Hi?” sabi pa nito. “May problema ba?”

Ilang ulit siyang napakurap bago umiling. “W-wala,” sagot niya saka umiwas ng tingin upang itago ang pamumula ng mukha. “A-ano na nga ulit ’yung tanong mo?”

“Sabi ko, may nakaupo na ba ka ko dito?” pag-uulit nito.

Nasamyo niya ang alcohol sa hininga nito pero hindi niya iyon pinansin. Mabilis siyang umiling. “W-wala. W-wala pa talaga.”

Naiilang kasi siya sa binata. New-found crush kasi ang drama niya. *And why are you talking to strangers?* mariing sita niya sa sarili.

“Hi?” bati nito nang makaupo sa tabi niya. “Ikaw ba ’yung sumasayaw ng K-pop kanina?”

Biglang napawi ang ngiti ni Michelle nang marinig iyon. Ito na naman. Naalala na naman niya ang nakakahiyang eksenang iyon!

Para tuloy nag-evaporate na lang bigla ’yung nararamdaman niya sa katabing lalaki at hindi naiwasang mainis.

“Obvious ba?” mataray niyang sagot kasabay ng pag-irap.

Napangiti ang binata. “Bad trip ka yata?”

“Sa tingin mo, sino’ng hindi maba-bad trip sa nangyari?”

Napahiya ako sa harap ng maraming tao! Nasa harapan kaya ako,” hindi mapigilang sabi niya. 5’2” lang kasi ang height niya kaya siya inilagay sa harapan.

“Okay lang ‘yan. Wala namang makakakilala sa ‘yo. Madilim naman ‘yung stage, eh.”

“Walang makakakilala?” Hinarap niya ang lalaki. “Eh, ano’ng tingin mo sa buhok ko?” Tinuro niya ang buhok niya “Di ba obvious na obvious pa rin ito? Ako lang ang blonde dito sa campus!” iritadong pagpapatuloy niya. “Makaalis na nga dito, kainis!” Umirap siya at tumayo na.

Ang kaso’y bigla na lamang hinablot ng lalaki ang kamay niya. “Wait lang, Miss. High blood ka naman masyado,” anito saka tumayo.

Binitiwang nito sandali ang kanyang kamay para unatin ang nalukot na polo bago siya muling hinarap.

Sakto namang biglang may nagpatugtog ng sweet music. Sabay pa silang napatingin sa bandang stage nang marinig ang emcee na nag-a-announce. Tinatawagan nito lahat ng couples. Magkakaroon daw ng parang privilege dance sa gitna.

“Miss.”

Napatitig siya sa lalaki.

“Puwede ba tayong magsayaw din tulad nila? Pambawi lang sa pagkapahiya mo kanina?” Pagkatapos ay ngumiti ang estranghero.

For the second time, naramdaman ni Michelle ang pagwawalang iyon sa dibdib. Her heart felt like a balloon in her chest, slowly being filled with helium gas. Para tuloy siyang lumulutang.

The stranger’s smile was captivating like a firework show. No wonder, without a word, tinanggap niya ang alok nito.

Dinala siya ng lalaki sa gitna kung saan sumasayaw na ang ibang mga couples.

Everything vanished from her senses when they reached the middle. She felt like they were alone there, dancing and letting

the gush of melodious chant bring them wherever it blew. She also imagined that there was a spotlight pointing at them, there were lanterns glowing brightly everywhere and their lights flickered as if they were distant diamonds in the sky.

She looked at his eyes and she caught him staring into hers. It was awkward, it's true.

However, it seemed like their eyes were bonded that they could not even avoid the gaze of each other.

Her heartbeat went wild once again when he put her hands on his shoulders and his hands on her waist. She moved her left foot to the left as he stepped his right foot to the same direction as hers.

Halatang hindi marunong sumayaw ang lalaking ito dahil hindi makasabay masyado sa ritmo ng musika pero sa pagtataka ni Michelle, bakit ba parang kilig na kilig pa rin siya?

Every step they took, her heart activity worsened. Parang anumang oras ay hihimatayin siya.

"It's a wonderful night, isn't it?" narinig niyang bulong nito.

"Yes," she agreed. *It's wonderful because I met you*, kinikilig na sabi niya sa sarili.

The guy smiled and she did the same at lalo iyong lumawak nang hilahin siya nito palapit. Ngising-ngisi ito. Ang dating tuloy ay para siyang yakap-yakap ng lalaki.

Lihim siyang napadasal na sana'y huwag nang matapos ang gabi.

Everyone stopped dancing nang matapos na ang kanta at nagkani-kanya nang alis sa pwesto.

"Hanggang dito na lang pala," sabi na lamang ng lalaki.

She was somewhat disappointed when they stopped. She wanted to continue and see him smiling at her as they synchronized a step to the rhythm of the music.

It was wonderful and it was giving her this euphoric sensation.

Kaya lang, wala na rin siyang nagawa nang i-escort siya nito pabalik sa bar.

“S-salamat sa sayaw,” saad niya rito.

“Welcome at thank you rin. This is wonderful, to tell you the truth. Parang ikaw lang din.” He smiled once again.

Naramdaman niyang nag-init ang pisngi niya kaya naman agad niyang iniwas ang tingin.

Yeah, it's really wonderful na parang ang hirap nitong kalimutan nang ganun-ganon lang. Para itong magandang panaginip na mahirap matapos agad... piping pantasya ni Michelle.

Her thought was interrupted nang marinig niyang nag-ring ang cell phone ng kasama. The guy immediately fished it out before he excused himself to her para sagutin iyon. Humakbang ito nang ilang beses palayo sa kanya bago sinagot ang tawag.

She observed the guy. He had a pair of long legs and arms that went along with his tall stature and well-defined muscles that were obvious even with his clothes on. Hinagod niya ng tingin ang likod nito starting from his broad shoulder and small waistline and... wow, nice butt!

Ang manyak mo, Mich, ano ba 'yan? saway niya sa sarili.

Hindi naman nagtagal, natapos na ang lalaki sa pagtawag. Muli siyang binalikan nito.

“I’m sorry, Miss, ah? Aalis na ’ko.”

Again, this disappointed her kung hindi lang nito biglang hinawakan ang kamay niya.

“Good night.” Dinampian nito ng halik ang kanyang kamay. “Nice meeting you nga pala,” dugtong pa nito saka siya tinalikuran at umalis.

Hindi na siya nakatanggi. She just watched him vanished

from her sight habang ang kanang kamay ay nakadaop sa dibdib niya. Ramdam din ni Michelle ang pag-iinit ng pisngi.

“Sayang naman.” She took a deep breath of helplessness. “Akala ko pa naman, magiging perfect na ang gabing ito. Ni hindi ko man lang natanong ang pangalan niya o kung ano’ng year at department niya...” mahinang usal niya sa sarili.

She closed her eyes. The image of him immediately flashed in her mind.

Nakakainis lang talaga dahil bigla na lamang itong umalis. Makikita pa kaya niya ito? Hindi niya alam pero sana naman...